THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Mga Babala

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Pebrero 20, 2021

Nakapaskil ang mga babala sa mga daanan at sa daanan ng tren para maging ligtas ang mga tao. Lahat ay hihinto, titingin at makikinig sa mga babalang ito para makaiwas sa sakuna at mapangalagaan ang buhay. Tulad din ito sa mga kautusan ng Diyos para maging matuwid tayo (Deut. 6:25). Kung hihinto, titingin at makikinig sa Diyos, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

**1.Huminto**

Minsan hinihimok tayo ng Diyos na itigil ang mga plano at mga gawain natin.

1.1 Hinihimok tayo ng Diyos na itigil ang mga bagay na pinagkakaabalahan natin. Hindi pinatuloy ng Espiritu Santo si San Pablo sa kanyang paglalakbay (Gawa 16).

1.2 Minsan, pinatitigil din tayo ng Diyos para hindi tayo madaya ninuman (Gal. 6:7).

**2. Tumingin**

Nahabag si Jesus sa mga tao nang nakita Niya sila at sinabi sa Kanyang mga alagad, "Sagana ang aanihin ngunit kakaunti ang mag-aani" (Mt.9:36). Gusto ng Diyos na tingnan natin ang ating kapwa lalo't higit sa mga salat sa buhay.

2.1 Ang mabuting Samaritano (Lk. 10: 24-36).

2.2 Ang paghatol ay base sa ating pagmamahal (Mt. 25:35).

**3. Makinig**

"Magsalita po kayo, nakikinig po ang inyong lingkod" (1Sam. 3:9). Kailangang walang ingay sa paligid. May katahimikan tayo kung di natin ginagamit ang ating mga *cellphone* at iba pang mga *gadget* at matuto tayong makipag-ugnayan nang malalim sa Diyos at makinig sa Kanyang tinig (Mk. 6:50; Jn10:27).

**4. Mga ingay sa buhay na humahadlang sa pakikinig natin sa Diyos**.

**4.1 Kasalanan.** Ang demonyo ay nananahan sa taong may kasalalanan (Efeso 4:26-27).

**4.2 Kamangmangan sa Diyos.** Kung pag-aaralan natin ang Salita ng Diyos, makikilala natin Siya.

**4.3 Kamangmangan sa sarili.** Anak tayo ng Diyos at tayo'y Kanyang kapamilya.

**4.4 Ang Hindi pagpapatawad sa sarili.** Kung hindi pa natin napapatawad ang ating sarili, di matutupad ang plano ng Diyos sa atin.

**5. Paano natin maipatutupad ang Huminto, Tumingin, at Makinig sa ating buhay?**

**5.1** Gabay natin ang Bibliya kaya dapat tayo'y magnilay (huminto), kunin ang buong mensahe ng Diyos (tumingin), at may pusong sumusunod sa Kanyang mensahe (makinig) (2Tim. 3:16).

**5.2** Sa paggawa ng mahalagang desisyon sa buhay, kailangan nating magdasal (huminto), basahin ang mga kautusan ng Diyos (tumingin),sumunod sa Kanyang mga utos (makinig). Huwag tayong gumawa ng salaulang desisyon na pagsisisihan natin pagdating ng araw. Sumunod tayo sa Kanyang mga kautusan (Awit 32:8; Awit 119:105).

**Konklusyon:**

Lahat ng Salita ng Diyos ay kinasihan ng Espiritu Santo at ginagamit sa pagtuturo, pagsasaway, pagwawasto at pagsasanay para maging matuwid (2 Tim: 3:16). Ang babala ng Diyos ay iniiwas tayo sa espirituwal na aksidente at kamatayan.Kailangan tayong huminto, tumingin at makinig sa Salita ng Diyos araw-araw at ibahagi sa kapwa na ang buhay na kasama ang Diyos ang pinakamabuting paraan ng pamumuhay dito sa mundo.

**Pagninilay:**

**1.**Ano-anong mga mahahalagang desisyon sa buhay ang inihandog mo sa Diyos? **2.** Ano-anong mahahalagang pangyayari sa buhay mo ang pinahinto ng Diyos? **3.** Paano mo inilalayo ang iyong sarili sa mga gadget para may malalim na usapan sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #PatnubayEspiritwal, #Pagpapala